**Pagsasanay 12:** Anong pang-abay na panlunan ang bubuo sa diwa ng pangungusap? Piliin sa kahon at isulat sa patlang ang tamang sagot.

| | | |
|---|---|---|
| sa kusina | sa pisara | sa gitna |
| sa ibabaw | sa loob | sa paaralan |
| sa silong | sa klinik | sa ilog |
| | sa bukid | |

1. Dinala sa __________ ang mag-aaral na nahilo habang naglalaro.
2. Si Tata Dindo ay nag-aararo __________ tuwing tag-ulan.
3. Ipinatong niya ang aklat __________ ng mesa.
4. Si Sylvia ay tumayo __________ ng kanyang nanay at tatay para magpalitrato.
5. Nagluluto si Nanay __________ kaya may naaamoy akong mabango.
6. Si Bb. Leni Aspiras ay nagtuturo __________ ng mga bingi at bulag.
7. Ipinasok ni Tina ang mga plantsadong damit __________ ng kabinet.
8. Ang mga walang lamang kaing ay itinago ng tindera __________ ng kanilang bahay.
9. Masayang lumalangoy __________ ang mga batang lalaki.
10. Sina Agnes at Kean ay nagsulat __________ ng pagbati sa kanilang guro.

LIVEWORKSHEETS